# Balitang Manmin

BILANG 78  PEBRERO 17, 2013





Ang *Balitang Manmin* sa 29 wika ay nagbabahagi ng pagpapala ng Diyos, pag-ibig ng Panginoon, at mga pagkilos ng Espiritu sa buong mundo. Hindi mabilang ang mga taong nakatanto at sumunod sa kalooban ng Diyos sa pamamagitan nito. Dahil dito, tumanggap sila ng mga kasagutan at mga biyaya.

## Balitang Manmin – sa 29 na Wika

## Ipinapahayag ang Pag-ibig ng Panginoon sa Buong Mundo

Simula sa Pebrero, 2013, ilalathala na ang *Balitang Manmin* sa 29 mga wika, mayroong itong sari-saring mambabasa sa buong mundo. Ang mga edisyong Dutch, Danish, Bulgarian at Finnish ay idadagdag dahil sa kahilingan ng mga sangay na iglesya sa Europa at ng mga naghahangad ng kaalaman tungkol sa ministeryo ng Manmin.

Magmula nang ilathala ang unang edisyon noong Mayo, 1987, nagkaroon na ang *Balitang Manmin* ng malaking bahagi sa pagdadala ng mga tao sa daan patungo sa kaligtasan sa pamamagitan ng iba't ibang wika: Ingles, Hapon, wikang Tsino (tradisyonal at simple), Ruso, French, Kastila, Arabic, Hebreo, Estonian, Portuguese, Ukrainian, German, Dutch, Danish, Bulgarian, Finnish, Vietnamese, Thai, Mongolian, Urdu, Tagalog, Bisaya, Indonesian, Nepali, Tamil. Hindi, at Sinhala. Naging posible ito dahil buo ang pananalig ng Manmin Central Church sa ministeryo nila ng paglalathala.

Ibinabahagi ng *Balitang Manmin* ang ebanghelyo ng kabanalan sa bawat sulok ng mundo sa mga nilalaman nitong puno ng pagpapala: ang salita ng Buhay; mga patotoo ng mga nakaranas ng kapangyarihan ng Diyos; mga payo na sumasagot sa mga tanong tungkol sa pagiging Cristiano; mga tampok ng kuwento; at mga balita tungkol sa mga ministeryo sa ibang bansa.

Lumalago ang espirituwal na pananampalataya ng mga mambabasa dahil sa mga nilalaman nito na lumuluwalhati sa Diyos ng buong puso. Higit pa riyan, napupuno sila ng pag-asa para sa Bagong Jerusalem, ang pinakamagandang tirahan sa langit, at nadama nila ang tunay na pag-ibig ng Diyos. Sa pamamagitan nito, sila ay naging mga tunay na alagad ng Panginoon. Sinabi ni Elder Roshel Mataev, taga-Israel, "Gusto ko ang mga sermon ni Dr. Jaerock Lee sa *Balitang Manmin*. Marami akong natutuhan sa serye ng sermon niya tungkol sa 'Seven Churches' (Pitong Iglesya). Pinalakas din ako ng mga patotoo at natuto akong manalangin, pagtagumpayan ang mga paghihirap, at tumanggap ng banal na paggaling". Sinabi ni Punong Diakonesa Eleanor Churakov, taga-Estados Unidos, "Ibinabahagi ng *Balitang Manmin* ang liwanag, kapayapaan, pag-ibig, at katotohanan sa buong mundo. Naglilingkod ito sa lahat ng klase ng tao sa bawat sulok ng mundo".

Ayon sa Kapatid Giovanni Lubiano, taga-Colombia, "Nagkaroon ako ng espirituwal na pananampalataya dahil mas lumalim ang paniniwala ko sa Salita ng Diyos dahil sa *Balitang Manmin*. Dahil sa mga makapangyarihang mensahe ni Dr. Jaerock Lee, naging masaya ako sa mga espirituwal na biyaya ng pagiging Cristiano, at nasagot ang mga katanungan ko". Sinabi ni Kapatid David Vieira, taga-Canada, "Madaling basahin ang *Balitang Manmin*, magaganda ang mga litrato. At maraming inilalabas na mga artikulong nakakatulong sa buhay natin bilang Cristiano. Napapalago nito ang pananampalataya natin. Higit sa lahat, naihahatid nito nang maliwanag ang kalooban at ang mensahe tungkol sa pag-ibig ng Diyos sa mga kaluluwa".

Ang *Balitang Manmin* ay inilalathala sa maraming wika at pwede itong basahin kahit saan at kahit kailan sa www.manminnews.com. Maaari ninyong i-download ang kopyang PDF mula sa website sa pamamagitan ng pag-klik sa 'Printed PDF Download'. Pwede na ninyong gamitin ito sa pagbabahagi ng ebanghelyo sa mga lugar ng ministeryo ninyo.

# Ang Pag-ibig ay Matiisin

"Ang pag-ibig ay matiisin at magandang-loob; ang pag-ibig ay hindi maiinggitin, o mapagmalaki o hambog" (1 Mga Taga-Corinto 13:4).

Ang isang taong madaling magalit ay malimit na nakakagawa ng mali dahil hindi niya kayang magtiis. May mga Cristianong ganito. Dahil dito, hindi sila makapaghintay nang may pananampalataya. Halimbawa, pinanghihinaan agad sila ng loob kapag hindi malaki ang ipinagbabago nila kahit nag-ayuno sila at maalab na nanalangin para maiwaksi ang kasalanan at kasamaan. O kaya, natatakot sila at napapagod kapag walang nangyayari kahit naghandog sila at nanalangin para tumanggap ng kasagutan.

Para makamit ang espirituwal na pag-ibig na nakasulat sa 1 Mga Taga-Corinto 13 at para tumanggap din ng mga kasagutan sa mga panalangin natin, dapat maging matiisin tayo. Pagkatapos, makakapagpakita tayo ng mabubuting bunga.



Tagapagsalita: Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

### 1. Ano ang matiising pag-ibig?

Tinatalakay sa 1 Mga Taga-Corinto 13:4 at sa mga sumusunod na mga talata ang tungkol sa labinlimang katangian ng espirituwal na pag-ibig. Sinasabi nitong, "Ang pag-ibig ay matiisin" bilang unang katangian. Ano ang espirituwal na kahulugan nito? Ang ibig sabihin nito ay dapat nating pagtiisan ang iba't ibang hirap na dumadating sa atin habang sinisikap na magmahal ng kapwa at maging mapasensya ng may pagmamahal sa ating mga sarili.

Ipagpalagay nating may isang taong nagseselos sa inyo at nagagalit kahit wala naman kayong ginagawang masama sa kanya. Malamang, iiwasan ninyo ito o kaya ayaw na ninyo siyang makasalubong sa daan. Kapag papakinggan ninyo ang Salita ng Diyos na nagsasabi sa inyong mahalin ninyo kahit ang inyong mga kaaway, baka subukan ninyong mahalin siya pero may pagaalala. Para makamit ang espirituwal na pag-ibig, dapat ninyong pagtiisan at mahalin ang taong ganito. Kahit may naninira at nagagalit sa inyo nang wala namang dahilan, dapat ninyong pigilan ang damdamin ninyo at mahalin siya nang may pagtitiis.

Ang pag-ibig na nananatili kahit may mga kahirapan na dumadating sa atin kapag nagsisikap tayong sundin ang Salita ng Diyos ay 'pag-ibig na matiisin'. Pero ang saklaw ng pagiging matiisin na binabanggit sa Kabanata ng Pag-ibig ay maliit lang kung ikukumpara sa pag-ibig na inilalarawan sa siyam na bunga ng Banal na Espiritu. Ang pagiging matiisin bilang isa sa siyam na bunga ng Banal na Espiritu ay ang pagtitiis ng lahat ng bagay sa lahat ng pagkakataon para sa kaharian ng Diyos at sa Kanyang kabanalan samantalang ang pagtitiis sa Kabanata ng Pag-ibig ay para sa kapwa.

### 2. Ang kapangyarihan ng matiising pag-ibig

Mababasa sa Mateo 5:44, "Ngunit sinasabi Ko sa inyo, ibigin ninyo ang inyong mga kaaway, at idalangin ninyo ang umuusig sa inyo". Ang mga 'kaaway' na binabanggit dito ay mga taong nakakapinsala sa inyo kaya mayroon kayong malalim na galit sa kanila. Si Jesus na pumunta dito sa mundo para sa mga makasalanan ay nagmahal ng mga kaaway at ipinanalangin ang mga umusig sa Kanya. Pero, ininsulto, kinasuklaman, at hinamak Siya kahit kabutihan lang ang ginawa Niya para sa kanila. Gayon pa man, namagitan pa rin si Jesus sa Diyos para sa kanila, "Ama, patawarin Mo sila; sapagkat hindi nila nalalaman ang kanilang ginagawa" (Lucas 23:34).

Minahal ni Jesus ang sangkatauhan nang may pagtitiis kahit naging mga kaaway sila ng Diyos. Dahil dito, ang kamangha-manghang pagliligtas ay nangyari. Kahit na sinong magtitiwala sa Panginoon at tatanggapin Siya bilang Tagapagligtas ay makakalaya sa pagiging alipin ng diyablo at magiging anak ng Diyos. Ganito kadakila ang kapangyarihan ng pag-ibig na matiisin.

Gaano tatagal ang pagiging matiisin ninyo? Pagtitiisan ba ninyo at iibigin ang mga naninira at nagagalit sa inyo nang walang dahilan? O nahihirapan kayong tiisin kahit ang asawa ninyo, mga anak, at mga kapatid sa pananampalataya kahit hindi naman sila mga kaaway?

Mababasa sa Mateo 5:39-40, "Ngunit sinasabi Ko sa inyo, 'Huwag ninyong labanan ang masamang tao'. At kung ikaw ay sampalin ng sinuman sa kanang pisngi, iharap mo rin sa kanya ang kabila. Kung ipagsakdal ka ng sinuman, at kunin ang iyong baro, ibigay mo rin sa kanya ang iyong balabal". Nakakahiyang pati ang damit ng ibang tao ay gustong agawin! Sinasabi sa atin ng talata na dagdagan pa ang pag-ibig sa mga ganitong situwasyon.

Sa ngayon, hindi matitiis ng mga tao kapag nalagay sila sa panganib o kaya napinsala sila at ang mga pag-aari nila dahil sa ibang tao. Baka ihabla pa nila ang mga ito. Kahit na may kinalaman sa nangyari ang asawa, mga magulang, o mga anak nila, maghahabla pa rin sila. Kapag titiisin ninyo ang mga namiminsala sa inyo, iisipin ng ibang taong nasisiraan na kayo ng bait. Gayon pa man, kailangan bang gumanti na katulad ng mga taong makamundo? Hindi! Dapat manatili tayong maging matiisin at maging mabuti.

Maaaring sabihin ng iba, "Paano kami magiging matiisin kung nababalisa ako at nagagalit?" Magagawa natin ito kapag mayroon tayong espirituwal na pananampalataya at pag-ibig. Ito ay dahil taglay natin ang pag-ibig at pananampalataya ng Diyos Ama. Nagtiis Siya sa mga makasalanan at nahabag sa kanila kahit na ipinako nila ang bugtong Niyang Anak. Kung nagtitiwala kayo na tinanggap ninyo ang ganitong pag-ibig mula sa Diyos, maaari ninyong patawarin ang kahit na sinong mananakit sa inyo kahit matindi pa ang ginawa nila. Walang hindi natin pwedeng ibigin kapag mahal natin ang Panginoon na walang pasubaling nagbigay ng buhay Niya.

### 3. Para makamit ang espirituwal na pagtitiis

May mga taong pinipilit na itago ang galit, init ng ulo, at sama ng loob pero sumisilakbo ang damdamin nila kapag napuno na ang pasensya nila. May mga nagkaroon ng sakit sa emosyon dahil itinago nila ang galit at hindi sila nagpakita ng emosyon dahil mapagkimkim o malihim sila.

Pero ang pagiging matiisin na gusto ng Diyos para sa atin ay ang pang walang hanggan at hindi nagbabago. Sa madaling salita, ito ay pagtitiis na hindi 'tinitiis'. Hindi ito iniipon na galit at kabalisahan sa mga kalooban natin, sa halip, ito ay pagtanggal ng mga dahilan o ng 'ugat' nito at papalitan ito ng habag at pag-ibig. Ito ang tunay na pagtitiis sa espirituwal na diwa. Hindi mahirap magmahal ng mga kaaway kapag hindi tayo masama at kung mapupuno tayo ng espirituwal na pag-ibig. Hindi tayo makikipag-away at magiging kaibig-ibig sa paningin natin ang lahat ng tao kahit gumagawa sila ng mga bagay na mahirap unawain.

Hindi tayo magagalit sa mga tao kahit mayroon silang mga pagkukulang o kahit may galit sila sa atin. Sa kabaliktaran, kung mayroon tayong galit, pagtatalo, selos, at inggit, makikita natin ang mga pagkukulang ng ibang tao at magagalit tayo sa kanila kapag hindi sila sasang-ayon sa atin kahit na mabubuting tao sila. At kung bihasa kayong magsinungaling, iisipin ninyong nagsisinungaling din ang iba kahit nagsasabi sila ng totoo.

Kaya, gaano kadalas ba tayong magtiis sa mga gumagawa ng masasama? Tinanong ni Pedro si Jesus, "Panginoon, makailang ulit magkakasala ang aking kapatid laban sa akin at siya'y aking patatawarin? Hanggang sa makapito ba?" Sinabi ni Jesus sa kanya, "Hindi Ko sinasabi sa iyo, hanggang sa makapito, kundi, hanggang sa makapitumpung pito" (Mateo 18:21-22). Ang bilang na 'pito' ay sumasagisag sa antas ng pagiging perpekto, ibig sabihin, dapat perpekto ang pagpapatawad ninyo. Ito ay walang hanggang pagpapatawad at pag-ibig. Syempre, hindi madaling palitan ng pag-ibig ang galit sa sandaling panahon. Pero, dapat ninyong subukang magmahal nang walang katapusan. Kahit mayroon kayong mga sama ng loob at galit, magtimpi muna kayo at sikaping iwaksi ang mga ito. Pagkatapos, mapapalitan ito ng kabutihan kaya magkakaroon na kayo ng espirituwal na pag-ibig.

Ang mga likas na kasamaan sa kalooban ninyo ay pwedeng iwaksi kapag nananalangin kayo ng maalab at puspos ng Banal na Espiritu. Dapat din ninyong pagsikapan na pakisamahan ang ibang tao nang may pag-ibig at maging mabuti sa kanila. Kapag wala kayong sama ng loob at wala kayong galit sa ibang tao, magiging masaya kayo, parang nasa Langit na kayo. Dahil naiwaksi ninyo ang lahat ng kasamaan at napuno na kayo ng kabutihan at pag-ibig, hindi na ninyo kailangang maging matiisin, pwede na ninyong basta mahalin na lang ang lahat.

Ang mga taong may mabuting kalooban ay hindi na kailangang maging matiisin. Kung kailangan nilang pagtiisan ang isang tao, maghihintay na lang sila hanggang ang taong ito ay magbago. Sa palagay ba ninyo kailangang maging matiisin kayo sa Langit? Pag-ibig at kabutihan lang ang nasa Langit. Walang pagluha, walang kalungkutan, walang pasakit, at walang kasamaan. Walang kagagalitan, walang kapopootan, o walang sama ng loob. Pero sinabi ng Diyos, "Ang pag-ibig ay matiisin" para maging malalim ang pagkakaunawa ng mga tao tungkol sa pag-ibig.

Mahal kong mga kapatid, idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na sa pamamagitan ng pagwawaksi sa lahat ng uri ng kasamaan, makakapagtiis kayo at mamahalin ang masasamang tao kahit gaano pa sila kasama.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 235-3, Guro-Dong3, Guro-Gu, Seoul, Korea (152-848)
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: www.manmin.org/english
Email: manminministry@gmail.com
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin



# Anong klaseng puso ang sa iyo?

Nagkuwento si Jesus ng talinghaga tungkol sa manghahasik para ipaliwanag ang mga klase ng puso (kalooban o ugali) ng tao.
Binanggit ni Jesus ang apat na klaseng lupa: tabing daan, batuhan, tinikan, at mabuting lupa. Iba-iba ang mga puso ng bawat tao. Naaayon ito sa paraan ng pagpapalaki at pagtuturo ng mga magulang sa mga anak nila habang bata pa sila. May kinalaman din ang kapaligiran nila.
Dahil sa iba't ibang puso, may iba-iba ring klase ng buhay ang bawat tao. Nakasalalay din sa mga ito ang bilis ng pagiging puspos ng espiritu. Pero ang mahalaga, mababago ng kapangyarihan ng Diyos ang puso kahit na anong klaseng lupa ang pinagtaniman dito para maging mabuti ito. At ang pagod sa pagbubungkal ng lupa ay balewala kung ikukumpara sa kaligayahan ng masaganang ani. Umaasa kami na sa pamamagitan ng pagsisiyasat sa klase ng puso ninyo, at sa pangangalaga ninyo dito, masaganang liwanag ang ibubunga nito.

## Tabing Daan

"Habang siya'y naghahasik, may mga binhing nahulog sa tabing daan; at dumating ang mga ibon at kinain nila ang mga ito" (Mateo 13:4).

Kapag naghahasik ang magsasaka ng mga binhi, may mga nahuhulog sa tabing daan na malapit sa taniman. Kung dito nahuhulog ang mga binhi, hindi nag-uugat ang mga ito dahil hindi sila nakabaon sa lupa, hindi sila tutubo. Kung minsan, tinutuka ng mga ibon ang mga binhing ito. The roadside symbolizes hardened heInilalarawan ng tabing daan ang matitigas na puso. Ito ang pusong hindi nakakaintindi at hindi naniniwala sa Salita ng Diyos kapag naririnig nila ito. Dumadalo lang sa iglesya ang mga taong may ganitong puso at umaalis nang hindi man lang nararanasan ang Banal na Espiritu. Kailangang mas magsikap kaysa sa iba ang mga taong may ganitong puso, pero kadalasan, hindi nila ginagawa ito.

To cultivate the roadside-like field, wPara pangalagaan (bungkalin) ang pusong parang tabing daan, dapat nating iwaksi ang kayabangan, pagmamataas, katigasan ng ulo, at kasinungalingan. Dapat ding iwaksi ang makasariling katwiran, pananaw, at ideya. Matagal na nilang pinatigas ang puso nila sa mga kasinungalingan at kasamaan, kay dapat nilang ipagpatuloy ang pangangalaga (pagbubungkal) sa lupa.

Halimbawa, kung ang mensaheng ibinahagi ay hindi sumasangayon sa mga ideya ninyo, dapat ninyong isiping mabuti kung tama ang mga ideya ninyo. At dapat kayong gumawa ng mabuti para pagpalain kayo ng Diyos. Mahalagang ipanalangin at gabayan ng mga kapamilya at mga lider ng iglesya ang mga taong may pusong katulad ng nasa tabing daan.

## Batuhan

"Ang iba nama'y nahulog sa batuhan na doo'y kakaunti lamang ang lupa; at kaagad silang sumibol yamang hindi malalim ang lupa. Kaya't pagsikat ng araw, ang mga iyon ay natuyo at dahil sa walang ugat ang mga iyon ay tuluyang nalanta" (Mateo 13:5-6).

Mayroong kakaunting lupa sa batuhan. Hindi malalim ang lupa sa mga lugar na mabato. Kapag nahulog ang mga binhi sa ganitong lupa, tumutubo ang mga ito, pero malalanta kaagad dahil sa sikat ng araw.

Ang 'binhi' ng Salita ay hindi nag-uugat dahil sa mga 'bato' na nasa puso. Kapag may dumating na mga pagsubok, pag-uusig, o mga tukso, manghihina ang mga pusong ito. Ang 'batuhan' ay ang makalaman na puso, minamahal nito ang mundo. Sa mas malinaw na paliwanag, ang kasamaan ang pumipigil sa mga tao na magtiwala at magmahal sa Diyos. Pero hindi magkakatulad ang batuhan. Ang kasamaang nasa puso ng bawat isa ay magkakaiba.

Ang ibig sabihin ng hindi pagkakaroon ng ugat ay hindi nagkaroon ng tunay na espirituwal na pananampalataya. Kahit nakinig sila ng Salita at naunawaan ito, hindi nangangahulugang nagtiwala na sila ng taos sa puso. Tinatawag na 'makalaman na pananampalataya' ang ganito, o kaya 'pananampalatayang nasa isipan lang'.

Para pangalagaan o bungkalin ang batuhan, dapat nating sikaping isabuhay ang Salita at maalab na manalangin. Panatilihin nating puspos tayo ng Espiritu. Huwag tayong huminto hanggang lumalim ang pagtitiwala natin. Dapat nating sikaping sundin ang mga mensaheng naririnig natin at ang tinig ng Banal na Espiritu. Kapag paniniwalaan natin na kaya nating pangalagaan ang puso natin sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos at hindi tayo susuko, mangyayari ito.

## Tinikan

"Ang iba ay nahulog sa tinikan. Lumaki ang mga tinik at sinakal ang mga iyon" (Mateo 13:7).

Ang 'tinikan' na binabanggit dito ay ang matitinik na halaman na marami ang mga sanga. Hindi namumunga ang mga ito. Tumutubo sila pero, hindi gaanong lumalaki dahil sinasakal ang mga ito ng mga tinik.

Ang mga 'tinik' sa puso nila ay tumutukoy sa mga alalahanin sa mundo at ang pandaraya ng kayamanan. Ibig sabihin, sakim sila sa kayamanan, katanyagan, at kapangyarihan. Sinasabi ng mga may ganitong puso na isinasabuhay nila ang Salita, pero nabubuhay sila sa mga pagsubok.

Dapat nating bunutin ang ugat ng kasamaan sa puso natin. Ang mga 'tinik' na ito ay nagnggagaling sa mga makalaman na saloobin. Sumisimbolo ito ng kasamaan ng puso. Kahit magpasiya tayo na huwag magkaroon ng makalaman na saloobin, hindi natin ito mapipigilan hangga't masama ang puso natin. Dapat nating bunutin ang ugat ng kasakiman at kayabangan para mabawasan ang pagiging makalaman ng puso natin.

Kung palagi kayong nagninilay sa Salita ng Diyos, nananalangin, at tumatanggap ng tulong mula sa Banal na Espiritu, madali ninyong mabubunot ang mga ugat. Higit sa lahat, isaisip ninyo ang sakit na idinudulot ng mga tinik na ito kaya dapat ninyong itong tanggalin.

## Mabuting lupa

"Ang iba ay nahulog sa mabuting lupa, at namunga. Ang iba ay tig-iisang daan, ang iba ay animnapu, ang iba ay tatlumpu" (Mateo 13:8).

Ang mabuting lupa ay hindi matigas tulad ng tabing daan. Malambot ito. Kapag tinaniman ng binhi ang mabuting lupa, tatanggapin ito ng malambot na lupa para maging maayos ang pagkakatanim. Mayroon din itong hangin at tubig para tumubo at lumaki nang maayos ang binhi. Ganito rin ang pusong tulad ng mabuting lupa, tinatanggap nito ng taos-puso ang Salita ng Diyos.

Walang mga bato sa mabuting lupa, kaya madaling mag-ugat ang Salita. Susundin ng mga may pusong tulad ng mabuting lupa ang Salita ng Diyos kahit may mga pagsubok at pag-uusig. Batid nila ang kalooban ng Diyos na nagnanais na manirahan tayo sa Bagong Jerusalem, ang pinakamabuting tirahan sa Langit. Dahil dito, pinapanatili at isinasabuhay nila ang Salita Niya nang may kagalakan at namumunga sila ng masaganang biyaya sa buhay nila tulad ng nakasulat sa Lucas 8:15.

Para magkaroon kayo ng mabuting puso, kailangan ninyong maging matatag. Kung sasamba kayo sa espiritu at katotohanan, maalab na mananalangin, at magsisikap na sumunod sa Salita, mabilis ninyong makakamit ang mabuting puso. Maluluwalhati ninyo ang Diyos dahil sa masaganang bunga ng espiritu at katawan.

# "Malaki ang Pag-asa Ko sa Langit – Nagtiwala Ako sa Kalooban ng Diyos sa Tulong ng Pag-aaral sa Genesis"

Kap. Hosan Chung (Tenyente ng Pulisya, Ahensya ng mga Pulis sa Punong-lungsod ng Seoul; Ika-3 Misyon ng mga Young Adults)

"Wow! Ito ang matagal ko nang hinahanap!"

Hindi sinasadya, bigla kong nakita at binasa ang mga pag-aaral tungkol sa Genesis na nasa isang blog sa internet. Hindi ko maitago ang pagkamangha ko. Ang Diyos na Siyang Simula, na nabuhay sa anyong Liwanag na may tinig, ang paglikha Niya, ang paglabas ni Lucifer, at ang paghihimagsik nito, ang kalooban ng Diyos para sa kaligtasan sa pamamagitan ng krus na plinano bago pa magsimula ang panahon, ang paglikha kay Adan, ang unang nilalang. Pakiramdam ko pinapanood ko sa harapan ko ang lahat ng ito. Nanlaki ang mga mata ko habang binabasa ko ang mensaheng ito na may katiyakan. Napuno ako ng kaligayahan at ng pagkamangha nang maunawaan ko ang kalooban ng Diyos na lumikha sa tao para ibahagi sa kanya ang pag-ibig at pinangalagaan Niya ang sangkatauhan para sa layuning ito.

### Pagkatapos pumasok sa Korean National Police University at nanuluyan sa dorm...

Ipinanganak ako sa isang Cristianong pamilya pero ipinanganak akong muli sa pamamagitan ng tubig at Espiritu noon lang nasa ika-9 na baitang ako. Noong nag-aaral ako ng Ingles sa Pilipinas sa loob ng dalawang buwan, dumalo ako sa mga pulong panalangin. Noong panahong iyon, naranasan ko ang Espiritu at nagsisi ng lubos na may kasamang pagluha at sipon. Nakapagsalita pa ako ng ibang wika. Pakiramdam ko nasa Langit na ako dahil sa kaligayahan. Pagkatapos noon, nagbasa ako ng Biblia. Hinihiling ko sa panalangin na magkaroon ako ng karunungan at kalakasan tuwing bago ako mag-aral. Sa wakas, tinanggap ako sa Korean National Police University.

Pagpasok ko sa eskwelahang iyon, nanuluyan ako sa dorm nito. Pero nahirapan ako sa takbo ng buhay doon. Mayroon itong mahigpit na pamunuan na parang mga sundalo. Ang mga nasa unang taon pa lang ay pinapagawa ng kung anu-anong trabaho. Iba-ibang mga drill na iniuutos ng mga estudyanteng nasa pang-apat na taon, at iba pang mga bagay na may kinalaman sa pag-aaral at takdang aralin... Dahil sa ganitong kapaligiran, nakakahiya, pero, lumantad ang totoong sukat ng pananampalataya ko. Lumayo na ako sa Biblia na dati ay binabasa ko araw-araw at lumiliban na ako sa pagsamba sa araw ng Linggo. Hindi ako nag-iikapu, at maiksi lang ang pananalangin ko bago matulog, para masabi lang na nanalangin ako.

Maligaya ako dati nang maranasan ko ang Espiritu, pero magmula noon mayroon nang kabigatan ang pakiramdam ko nang hindi ko alam ang dahilan. Nawala na ang katiyakan ko sa kaligtasan. Natulog na ang espiritu ko at



nagpapalipas na lang ako ng oras sa paglalaro sa computer at pag-iinternet sa loob ng dalawang taon para maibsan ang nalulungkot na puso ko. Pero, nababalisa pa rin ako. Hindi nagtagal, natanto ko na ito ay ang Espiritu na dumadaing ng lubos, hindi ko ito maipaliwanag.

Pero may nangyari nang nasa pangatlong taon ako sa kolehiyo. Naunawaan ko ang pag-ibig ng Diyos sa pagbabasa ko ng 'Personal Narrative' na isinulat ni Pastor Jonathan Edwards kaya nagsisi ako ng lubos sa mga naging kasalanan ko. Pagkatapos, naging masaya ako. Pakiramdam ko binabantayan ako ng Diyos nang may pag-ibig kapag tinitingnan ko ang bughaw na langit. Nagbasa ulit ako ng Biblia, nanalangin at pinagsikapang dumalo sa iglesya na malapit sa tinitirahan ko.

### Dahil sa pagpapala ng Espiritu, nanumbalik ang pananampalataya ko at nakilala ang tunay na pastol

Kasabay nito, nakabasa ako ng isang pagtuturo tungkol sa Aklat ng Genesis sa isang personal na blog sa internet. Nakakuha ako ng malaking pagpapala at naantig ang puso ko sa sermon na nagtuturo ng 'pinagmulan'. Inisip kong hindi ito basta na lang nangyari kundi dahil sa gabay ng Espiritu. Inusisa ko kung sino ang taong mayroong napakalakas at matibay na paniniwala at napakalalim na espirituwal na karunungan. Kaya hinanap ko siya sa internet at nakita ko na siya pala ay si Dr. Jaerock Lee na isang Punong Pastor ng Manmin Central Church.

Pero, nabalitaan ko na hinusgahan ang Manmin Central Church ng isang organisasyon ng mga Cristiano. Nalito ako dahil nakakuha naman ako ng pagpapala sa mga sermon. Tingnan natin kung aling panig ang tama. Nanalangin ako sa Panginoon para humingi ng 'discernment' (espirituwal na pagkilala) at nagsimulang ikumpara ang Manmin at ang organisasyong nag-akusa sa kanila batay sa mga sermon at iba pang mga lathala. Binasa ko ang mga sermon at patotoo ni Dr. Jaerock Lee at sinikap kong suriin ang mga bagay na pinagmulan ng panghuhusga.

At siniyasat ko rin ang mga pahayag ng kabilang organisasyon. Sa simula pa lang, nakita ko na puno ng pagkiling at hindi pagkakaunawa tungkol sa Manmin at marami pang mga hindi totoong pahayag. Sa kabaliktaran, dalisay ang mga sermon at patotoo ni Dr. Lee, napuno ako ng pagpapala habang binabasa ko ito. At pinanood ko rin ang mga video na nagpapakita ng kapangyarihan ni Dr. Lee tulad ng mga piling tagpo sa mga krusada niya sa ibang bansa, mga patotoo ng banal paggaling ng mga dayuhan, ang paglabas ng mga masunuring tutubi, hindi ito kayang ipaliwanag ng makabagong siyensya, at ang espirituwal na mga liwanag. Habang pinapanood ko ang video, nawalang lahat ang pagaalinlangan ko.

Nagpapasalamat ako kay Dr. Lee dahil malinaw na ipinakita ang mga patunay na may buhay na Diyos. Gaya ng sinasabi sa Mateo 7:20, "Kaya't makikita ninyo sila sa kanilang mga bunga," napatunayan kong siya ang tunay na pastor na kasama ng Diyos. Magmula noon, binasa at pinakinggan ko ang mga sermon at mga libro niya sa loob ng isa at kalahating taon.

### Pagkatapos matanto ang tunay na kalooban ng Diyos at punuin ang puso ko ng pag-ibig ng Panginoon...

Dati, hindi tiyak ang kaalaman ko tungkol sa pagpapabanal habang nagbabasa ako ng Biblia. Gayon pa man, iniisip ko ang pagiging puspos at ang lalim ng pananampalataya ni Cristo at kung paano ako 'mamamatay araw-araw'?

Subalit, habang binabasa ko ang libro ni Dr. Lee na *The Measure of Faith*, natanto ko ang malaking kahalagahan ng pagpapabanal at ang mga detalyadong paraan kung paano makakamit ang sukat ng pananampalataya na nakakalugod sa Diyos. Maliban diyan, binasa ko ang *Heaven I at II* at *Love Is the Fulfillment of the Law*. Pinakinggan ko rin ang mga "Pagtuturo Tungkol sa Apocalipsis". Sa pamamagitan ng mga ito, nagkaroon ako ng espirituwal na kaalaman tungkol sa Biblia at sa pag-ibig ng Diyos. Pinuno ng Panginoon ang puso ko, naging maligaya ako.

Sa huli, nagbago ang buhay ko dahil sa pakikinig ng mga sermon na nagtuturo ng detalyado tungkol sa kalooban ng Diyos. Sinikap kong iwaksi ang makasalanang likas at ang lahat ng kasamaan sa puso ko. Nagsikap din akong magsalita tungkol sa magagandang bagay at kabutihan ng ibang tao. Pagkatapos, biniyayaan ako ng Diyos na makapagtrabaho sa opisina na gusto ko nang makatapos ako ng kolehiyo – inilipat ako sa tanggapan ng pulisya na malapit sa tirahan ko bilang 'platoon leader'.

Noong Setyembre, 2012, nagrehistro ako sa hinahangad kong Manmin Central Church at naging miyembro na ako dito. Magmula noon, ang buhay Cristiano ko ay may tunay na kapayapaan at may pag-asa sa Langit. Masayang-masaya ako kasama ng pamilya ko sa pananampalataya na nakilala ko dahil sa Panginoon. Nagpapasalamat at niluluwalhati ko ang Diyos na gumabay sa akin para makilala ko ang tunay na pastol at para maging mabuti at kaibig-ibig na anak Niya ako.

## Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras Sampaloc, Manila, Philippines
Pastor Peter Bae
Pastor Lucy Lee
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Philippines
Pastor Peter Bae
Pastor Crystal Lee
0910-262-5465

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Philippines
Pastor Peter Bae
Pastor Lucy Lee Lee
0905-649-1120

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, philippines
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 /
0916-674-3903 /
0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Philippines
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4
Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City Cebu, Philippines
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Philippines
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714